PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

DEPARTMENT OF EDUCATION REGION III
Matalino St., D. M. Government Center, Maimpis
City of San Fernando (P)

# ANG MAGKAIBIGAN



Kuwento ni:
**Mary Ann C. Del Rosario**
**Dahlia E. Pili**

Guhit ni:
**Allwena M. Mayati**

Lay-out ni:
**Levi Ruth F. Aduna**

This material was contextualized by the
**Curriculum and Learning Management Division (CLMD)**
**Learning Resource Management and Development Center (LRMDC)**
**Department of Education**
**Regional Office III**

**MALCOLM S. GARMA, CESO V**
OIC- Regional Director

**NICOLAS T. CAPULONG, Ph.D., CESO V**
OIC- Assistant Regional Director

**ELIZABETH M. PEFECTO, Ed. D.**
Curriculum and Learning Management Division Chief

**MA. EDITHA R. CAPARAS, Ed. D.**
LRMDS Supervisor

**ENGELBERT B. AGUNDAY, Ph. D.**
**HELEN R. BOSE, Ph. D.**
**WENDELL C. CABRERA**
**REYNALDO G. CASTILLO**
**ROSALINDA S. IBARRA, Ph. D.**
**MARIE ANN C. LIGSAY**
**MICHELLE A. MEJICA**
**ARNOLD C. MONTEMAYOR**
**NESTOR P. NUESCA, Ed. D.**
**LIBRADA M. RUBIO**

CLMD Supervisors

**CYRENE D. ALVARADO**
Regional Librarian

**Sa mga Magulang at Guro,**

Kuwento ito ng isang batang masipag mag-aral. Na laging sumusunod sa kanyang mga magulang. At laging nakakasali sa top ten ng klase. May mga magulang siyang laging sumusuporta sa kanya at ibinibigay ang lahat ng kaniyang pangangailangan.

Dalawang mahahalagang aral ang ating matututuhan sa kwentong ito: Una, laging makinig sa payo ng ating mga magulang at ikalawa,importante ang pag-aaral upang mag karoon ng magandang kinabukasan.

## MGA TAGA-PATNUGOT

**MARY ANN C. DEL ROSARIO/DAHLIA E PILI**
MAY AKDA

**ALLWENA M. MAYATI**
TAGA-GUHIT

**LEVI RUTH F. ADUNA / LESLIE A. MANALANG**
MGA TAGA-LAYOUT

**CELIA R. LACANLALE, Ph. D.**
OIC CHIEF - CURRICULUM IMPLEMENTATION DIVISION

**CORNELLIUS F. DUCUT**
EDUCATION PROGRAM SUPERVISOR - LRMDS

**NORILYN C. BALUYUT**
EDUCATION PROGRAM SUPERVISOR - VALUES EDUCATION / KINDERGARTEN

# PAG-AARAL MUNA

Curriculum and Learning Management Division (CLMD)
Learning Resource Management and Development Center (LRMDC)
Department of Education
Regional Office III
Division of Pampanga



Si Lara ay nasa ikalawang baitang sa Paaralang Elementarya ng Tagulod. Matalino siyang bata at napakahusay sa pagguhit.

Dahil dito, sikat siya sa kanyang mga kamag-aral at sa paaralang kanyang pinapasukan. Ngunit siya ay mapagmalaki at mayabang.


Apple
Banana

Araw ng Lunes, tumunog ang bell. “Teng, teng, teng” hudyat na oras na para pumasok sa silid-aralan.

Ibinalita ni Bb. Santos sa mga mag-aaral na mayroon silang bagong kamag-aral. Tinawag niya ito upang magpakilala.



“Ako si Lorena,” maikling pakilala ng nahihiyang bata. Pinaupo siya ni Bb. Santos sa tabi ni Lara.

“Ma’am, ayoko po siya katabi, sa iba nyo na lang po siya itabi. Baka po mangopya lang siya sa akin,” tanggi ni Lara.

“Hu,hu,hu, ayoko na po dito, ayaw po nila sa akin” umiiyak na sambit ni Lorena.



Pinagsabihan ng guro si Lara. Bagamat masama ang kanyang loob ay pumayag siyang maupo sa tabi niya si Lorena.

"Hmmp...Sige na nga, dito ka na umupo sa tabi ko. Siguraduhin mo lang na hindi ka mangongopya sa akin sa mga gawain at pagsasanay." galit na sabi ni Lara.



Oras ng recess, masayang nagkukukuwentuhan ang mga mag-aaral papuntang kantina. "Ang husay mo talaga Lara, lagi kang nakasasagot sa talakayan," sabi ng isang mag-aaral. "Ang ganda din ng iginuhit mo tungkol sa pagtulong sa kapwa," sabi pa ng isa.

"Siyempre, ako pa, sisiw lang yun sakin," mayabang na sabi ni Lara.



Sa loob ng silid-aralan ay tahimik lang na kumakain si Lorena habang gumuguhit.

Nang biglang lumapit ang isa nilang kaklase at nagtanong, “Ano ba iyang ginagawa mo? Wow, ang ganda naman ng iginuguhit mo! Tingnan ninyo ang galing ni Lorena!” natutuwang sabi ng kaklase nang makita ang ginagawa ni Lorena.



Isang umaga, nagbigay ng pagsusulit si Bb. Santos sa mga mag-aaral.

Ipinaliwanag niya ang panuto at sinabing sa huling bahagi ay kailangan nilang gumuhit ng larawan tungkol sa pagtutulungan sa paaralan.



Nang sumunod na araw ay masayang ibinalita ng guro ang resulta ng pagsusulit.

“Ako ay natutuwa na matataas ang nakuha ninyong iskor,” wika ni Bb. Santos.

“Sigurado, ako na naman ang may pinakamataas na iskor,” bulong ni Lara kay Lorena.



Sinabi ng guro na dalawa ang nakakuha ng mataas na iskor, iyon ay sina Lara at Lorena. Pinuri din ng guro ang kahusayan ni Lorena sa pagguhit.


“Hmmp, sigurado naman po na nangopya lang siya sa akin Ma’am,” galit na wika ni Lara.

Pinagsabihan ng guro si Lara dahil sa inasal nito.



Isang araw, may lumapit na kaklase kay Lorena. Nagpapatulong ito sa paggawa ng takdang aralin.

"Sige, halika at ituturo sa iyo kung paano iyon gagawin," wika ni Lorena. At buong tiyaga niya itong tinuruan.



Samantala, may lumapit ding kaibigan kay Lara para magpatulong sa paggawa ng takdang aralin ngunit tinanggihan niya ito. Malungkot na umalis ang kaibigan. At mula noon ay unti unti nang lumayo ang kanyang mga kaibigan. Naiinis sila sa ipinapakitang ugali ni Lara. Dahil dito naging malungkutin at laging nag-iisa si Lara.



Kinausap ni Bb. Santos sina Lara at Lorena na sila ang isasali sa patimpalak sa pagguhit. Walang ganang tumango si Lara samantalang tumanggi ang natatakot na si Lorena. Ipinaliwanag ng guro na ang talento ay hindi dapat na ipinagyayabang o itinatago, bagamat dapat na ibahagi at paunlarin pa.



Sa pagsasanay nina Lara at Lorena ay nagkapalagayang loob sila at naging magkaibigan.

"Lorena, ang sarap mo pala kasama at ang husay mo talaga gumuhit. At hindi ka na rin mahiyain, ha..ha..," masayang sabi ni Lara. "Ikaw din Lara, ang sarap mo kasama at mahusay ka din. At syempre hindi ka na mayabang ha..ha..," masayang sagot ni Lorena. At sabay silang nagtawanan.


1

Mula noon lagi na silang makikitang magkasama. Dumating ang araw ng patimpalak. Buong husay na iginuhit nina Lara at Lorena ang kanilang poster. At sila ang itinanghal na panalo. Masayang nagyakap ang magkaibigan. Masayang masaya din ang kanilang guro at mga kamag-aral.

**Basahin ang mga salita sa loob ng kahon. Sipiin sa tapat ng larawan nina Lara at Lorena ang tumutukoy sa ipinakita nilang ugali sa kwento.**

| | |
|---|---|
| tahimik | makasarili |
| mayabang | mabait |
| matulungin | mapagmalaki |
| mahiyain | masungit |




**Lara**

____________________

____________________

____________________

____________________



**Lorena**

____________________

____________________

____________________

____________________

# ANG MAGKAIBIGAN

Si Lara ay naging mapagmalaki at mayabang dahil sa kanyang talino at talento sa pagguhit. Samantalang ang transfer sa paaralan na si Lorena ay mahiyain at takot na ipakita ang kanyang kakayahan o talento. Naging hindi maganda ang kanilang unang pagkikita. Ngunit ng sila ay magkasama sa pagsasanay sa isang patimpalak, sila ay nagkapalagayang loob at naging tunay na magkaibigan.




May Akda: MARY ANN DEL ROSARIO Nagtapos sa Bulacan Agricultural State College noong 2007 sa kursong Bachelor of Elementary Education. Sa kasalukuyan, siya ay guro sa Tagulod Elementary School, Candaba, Pampanga, at nagtuturo sa ikalimang baitang.



May Akda: DAHLIA E. PILI Nagtapos sa Republic Central Colleges sa Angeles City, Pampanga noong 1991 sa kursong Bachelor of Elementary Education. Sa Kasalukuyan, Siya ay guro sa Magalang Elementary School, Magalang Pampanga at nagtuturo sa ikalawang baitang.



Gumuhit: ALLWENA M. MAYATI. Nagtapos sa Don Honorio Ventura College of Arts and Trade sa kursong Bachelor of Science Secondary Education. Sa kasalukuyan ay guro sa San Juan National High School, Mexico, Pampanga.



Nag-layout: LEVI RUTH F. ADUNA. Nagtapos sa Don Honorio Ventura College of Arts and Trade, Bacolor, Pampanga noong 1998 sa kursong Bachelor of Secondary Education major in Home Economics. Sa kasalukuyan, siya ay guro sa Natividad National High School, Guagua, Pampanga, at nagtuturo ng TLE-ICT sa ika-siyam na baitang.